PUNTONG
ALA-EH
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Lungsod ng Batangas

Metro Batangas, iminungkahi ng University of the Philippines sa Batangas City...
(istorya sa p. 7)

Taon XIV Blg. 2 *Setyembre 2013* *www.batangascity.gov.ph*

Public Hearing sa RPT Assessment, Idinaos

IDINAOS noong ika-25 ng Setyembre sa Sangguniang Panglungsod Session Hall ang kauna-unahang public hearing hinggil sa Real Property Tax (RPT) Assessment Level I.

Ayon kay Judy Tumambing, City Assessor, ang Lungsod ng Batangas ay ngayon pa lamang magtataas ng valuation sa loob ng 20 taon. Itinatadhana ng Local Government Code of 1991 na maaaring magtaas ng valuation o halaga ng ari-arian ang Local Government Unit tuwing ika-tatlong taon.

Idinagdag pa ni Tumambing na ang lungsod ng Lipa at Tanauan at maging ang pamahalaang panlalawigan ng Batangas ay nakapagsagawa na ng pagtataas ng FMV kada tatlong taon simula noong 1994 at sa kasalukuyan ay nagtatasa na rin para maitaas ang FMV.

Upang maging basehan ng FMV nagsagawa ang CA ng pagkalap ng data at panayam simula noong 2012, at tumagal hanggang isa at kalahating taon, sa 105 barangay ng lungsod upang macategorize ang naturang FMV sa industrial; commercial; residential; at agricultural. Ipineresenta ni Tumambing sa kapulungan ang comparative valuation para sa RPT sa bayan ng San Pascual, Bauan, Taysan, San Jose at Ibaan at sa lungsod ng Lipa.

Binigyang diin ni Tumambing na bagamat walang pagtataas ng buwis ay kanilang ipinapanukala ang pagtataas ng valuation o halaga ng lupa (FMV) sa Batangas City sa taong 2014.

Ang datos na nakalap aniya ay kanilang tinipon at pinag-aralan ng Technical Working Group (TWG) ng Batangas City. Isinumite nila ito sa Bureau of Local Government Finance para maaprubahan bago ito idinulog sa naturang pagdinig.

Halimbawa sa industrial lands category, sa sukat na 1,000 square meters, ang proposed unit value sa lungsod na dati ay P500.00 ay maging P500,000.00. Sa 25% assessment level ang assessed value nito ay P125,000.00 at may katumbas na buwis na P3,125.00. Sa bayan ng San Pascual at Bauan, ang ganitong sukat din ay may market value na P2M at sa 45% assessment level ay may tax due (2%) na P18,000.00.

Sa residential lands category naman, sa sukat na 100 sq.meters, ang unit value sa Batangas City ay P1M, sa assessment level na 5% ang assessed value ay P50,000.00
(sundan sa p.2)

Executive-Legislative Agenda Inaprubahan

SA kauna-unahang pagkakataon, nagpulong ang mga miyembro ng Sangguniang Panglunsod at ang Punong Ehekutibo at mga department heads noong ika-9 ng Setyembre upang talakayin ang Executive Legislative Agenda (ELA) para sa taong 2013 - 2016.

Ayon kay Mayor Eduardo B. Dimacuha, nagagalak siya dahilan sa nagkaisa ang lehislatibo at ang ehekutibo sa pagbuo ng agenda para sa mamamayan ng lungsod ng Batangas.

"Ang pagkakaisa ng dalawang sangay ng gobyerno ay mas lalo pang mapapabilis ang mga programa para sa ating mamamayan. Natutuwa ako dahil naging bukas ang mga miembro ng Sanggunian upang kami ay magkaisa para mailatag ang mga serbisyo para sa tao. Ang ELA ay people's agenda at lalo itong mapapalakas dahilan sa may mga ordinansa na sususog sa pagpapatupad nito, "pagtatapos pa ni Dimacuha.

Kasama ni Dimacuha ang lahat ng kanyang department heads.

Gayon din naman ang pahayag ni Vice Mayor Emilio "Jun" A. Berberabe hinggil sa pagkakaisa ng kanilang adhikain. Hindi aniya imposible na maisakatuparan ang mga proyekto kapag may pagkakasundo ang bawat isa.

Ipinaliwanag ni DILG Director Amor San Gabriel ang limang aspeto ng pamamahala na kinapapalooban ng naturang ELA. Ito ay ang administrative, development planning and revenue generation ; social; economic at environmental governance. Ito aniya ay nakaangkla sa pananaw at mission ng Batangas City na maging agro-industrial, Information Communication Center (ICT) at international gateway.

Ilan sa mga binigyang diin ni San Gabriel sa ELA ay ang administrative governance. Kabilang dito ang capability building para sa mga kawani ng pamahalaan, pag-angat ng information communication technology literacy, revision ng investment code revenue generation; at updating the citizen's charter. Sa larangan naman ng development planning ay ang pagpapalakas ng public-private partnership, pagkakaroon ng modified barangay clustering.

Sa larangan ng social governance, sinabi ni San Gabriel na magbubuo ng urban division dahilan aniya na sa 318,00 population ng siudad, may 20% dito ang urban. Ipatutupad din ang Batangas City Shelter Plan ang pagkakaroon ng recreational facilities para sa mga katatandaan.
(sundan sa p.3)

Ang mga punong barangay na magtatapos ng kanilang tatlong termino sa November 30, 2013: Arthur Blanco ng Balagtas, Ronald Blanco ng Banaba East, Rolando Munoz ng Catandala, Catalino Andal ng Conde Itaas, Florentino Balmes ng Dela Paz Pulot Aplaya, Elpidio de Ocampo ng Dumantay, Prudencio Cepillo ng Ilijan, Henry Zaraspe ng Mahacot Kanluran, Floro Dapula ng Malitam, Cesar Zaraspe ng Paharang Kanluran, Ruel Arce ng Pinamucan Ibaba, Ayolos Loces ng San Agustin Kanluran Isla Verde, Estelito Gualberto ng San Agustin Silangan Isla Verde, Jose Rizal Tejada ng San Jose Sico, Rufo Caraig ng Simlong, Eliodoro Macalalad ng Talahib Pandayan, Leandro Ilagan ng Tulo, Ruben Salagubang ng Poblacion 2, Emmanuel Montalbo ng Poblacion 9, Rolando Argente ng Poblacion 16, Aldrin Macasaet ng Poblacion 17 at Jessie Fetalvero ng Poblacion 20. Kasama sa larawan nina Mayor Eddie Dimacuha, department heads, Konsehal ng lungsod, Bokal Marvey Mariño at Congressman Ranie Abu ang ilan sa mga last termer.

Editoryal

SA gitna ng isyu tungkol sa pork barrel ng mga Senador at Kongresista na diumano ay napunta sa mga pekeng Non-Government Organization, masasabing bumababa ang pagtingin ng publiko sa mga naglilingkod sa pamahalaan. Subalit nagpapasalamat pa rin tayo dahil may mga kawani ng gobyerno na patuloy na nagiging tapat, masipag at matiyaga sa pagganap sa kanilang tungkulin.

Sa Lungsod ng Batangas, pinarangalan bilang natatanging kawani si Dionisio A. Sanchez, isang traffic enforcer ng Transportation Development and Regulatory Office (TDRO) dahil sa kanyang masayang pananaw sa buhay, tapat na pagganap sa tungkulin at dedikasyon sa trabaho.

Ang sertipiko ng pagkilala ay iginawad ni Mayor Eduardo B. Dimacuha kay Sanchez noong ika-2 ng Setyembre pagkatapos ng flag ceremony ng mga kawani sa Plaza Mabini. Ang paggawad ng parangal ay bilang pasasalamat ng pamahalaang lungsod sa kanya na itinuturing na matibay na haligi ng serbisyo publiko.

Makailang ulit nang tumanggap ng karangalan si Sanchez. Kilala siya bilang si "Mang Dioni" na magalang at madaling lapitan. Si Sanchez ay 46 taong gulang na at may 10 taon na sa serbisyo. Si Sanchez ay na-promote din kamakailan at isa na ngayong Supervisor sa TDRO.

Ipinagmamalaki din ng lokal na pamahalaan na si Sanchez ay tumanggap ng plake bilang awardee ng "Commitment and Service to the Community Relations and Peace and Order Program ng Batangas Police Provincial Office (BPPO) na ipinagkaloob noong ika-19 ng Agosto sa pagdiriwang ng 112th Police Service Anniversary at BPPO Day. Si Sanchez ay isa sa dalawang kawani sa lalawigan ng Batangas na pinagkalooban ng naturang karangalan.

Sa panayam kay Sanchez, hindi niya inaasahan ang ganitong pagkilala. "Ginagawa ko ito dahil masaya ako na nakapaglilingkod sa mga tao. Sanay ako sa hirap kung kaya't ang pagmamando ng trapiko ay naging bahagi na ng aking pang-araw-araw na buhay. Masaya ako sa ginagawa ko dahil may kabuluhan ang buhay ko hindi lamang para sa aking pamilya kundi para sa mga mamamayan ng lungsod," pahayag pa ni Sanchez.

Magsilbi sanang modelo si Sanchez sa kanyang mga kapwa kawani lalo na sa panahong ito. Sa kanyang kapayakan, lalo niyang ipinakikita kung ang ano ang tunay na paglilingkod, ang walang hinihintay na kapalit.

Mabuhay ang mga kawani at ang mga opisyal ng gobyerno na patuloy na tumatahak ng daang matuwid.

(Public Hearing..mula sa p.1)

at may katumbas na buwis (2%) na P1,250.00. Sa Lipa City, sa katulad ding 100 sq. meters., ang unit value nito ay P7,000.00 sa assessment level na 20%, ito ay P700,000.00 at sa 20% na assessed value nito ay P140,000.00 ang tax due (2%) ay P2,800.00. Sa agricultural lands category naman ay lumalabas na bahagyang tumaas ang tax due batay sa assessed value ng Batangas City kumpara sa ibang bayan at lungsod ng Lipa dahilan sa P450.00 ang tax due nito sa lupain na may sukat na 1,000 sq. meters samantalang ang buwis sa parehong sukat ay P144.00; P252.00; P60.00: P144.00; P84.00; at P96.00 para sa San Pascual; Bauan; Taysan; San Jose; Ibaan; at Lipa ayon sa pagkakasunod.

Kung kaya't ani Tumambing, mababa pa rin ang panukala ng Batangas City kumpara sa nabanggit na mga bayan.

Sa tanong ni Vice Mayor Emilio Berberabe, Jr. kung bakit ngayon lamang ito gagawin ng pamahalaang lungsod ng Batangas, sinabi ni Atty. Reginald Dimacuha (RD) na bagamat ito ay itinatadhana ng Local Government Code, ito ay permissive at hindi mandatory. Ayon pa kay RD, ang tax collections ng siyudad mula 2006 hanggang 2013 ay nakasasapat pa sa pangangailangan ng serbisyo publiko.

Batay sa Local Government Performance Management System (LGPMS) data ng DILG, ang taxpayer sa lungsod ay nagbabayad ng buwis sa halagang P2,400.00 per capita samantalang ang gobyerno naman ay naghahatid ng P4,000.00 na katumbas ng serbisyo publiko. Subalit aniya dahilan sa paglago ng populasyon at panibagong mga challenges, kinakailangan na madagdagan ang source of income ng siyudad sa pamamagitan ng ganitong RPT assessment.

Magugunita na ang updating ng valuation ng ari-arian ay nakapaloob din ilalim ng Development Planning and Revenue Generation ng Executive Legislative Agenda (ELA) na pinagkasunduan ng department heads at mga miembro ng Sanggunian noong ika- 9 ng Setyembre, 2013.

Samantala, dumalo sa naturang pagdinig ang mga department heads; miyembro ng Sangguniang Panglungsod; punong barangay ng lungsod at ilang establisimiento. Magsasagawa ng serye ng public hearing ang Sangguniang Panglungsod sa unang linggo ng Oktubre. Si Konsehal Gerardo de la Roca, Chairman ng Committee on Ways and Means ang tagapatnugot ng public hearing. ***(Letty Chua)***

PUNTONG
ALA-EH

EDITORIAL BOARD

Mayor Eduardo B. Dimacuha
Chairman

Letty C. Chua
Editor

Angie J. Banuelos
Associate Editor

Marie V. Lualhati,Ronna E. Contreras,Jerson J. Sanchez,
Liza P. Delos Reyes, Monina B. Fernandez
Writers

Bryan Casado
Photographer

Jerson Sanchez
Lay-out

Marichris Abanador
Janet A. Borja
Circulation

Atty. Victor Reginald A. Dimacuha
Phillip Baroja
Eduardo V. Borbon
Consultants

Puntong Ala-Eh is the official publication of the Batangas City Government,
Public Information Office
Batangas City 4200
Tel.: ***(043) 723 2344***
e-mail: ***pio_batangascity@yahoo.com.ph***

Pamilya Casao, Huwarang Pamilya 2013

TINANGHAL na Huwarang Pamilyang Batangueño 2013 ang pamilya ni G. Dominador S. Casao at Gng. Remedios G. Casao ng Barangay Tulo, Lungsod ng Batangas sa idinaos na awarding ceremony sa Teachers Conference Center noong ika-27 ng Setyembre.

Ang mag-asawang Casao ay apatnaput dalawang taon ng kasal at biniyayaan ng anim na anak na napagtapos ng engineering, nursing at business administration at sa kasalukuyang ay may mga trabaho na rin. Iginapang ng mag-asawa ang pag-aaral ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng pag-aalaga ng baboy at baka.

" Para sa aming mag-asawa, ang kahirapan ay hindi hadlang sa pag-abot ng aming pangarap para sa aming mga anak. Kailangan din ang sipag, tiyaga at pananalig sa Maykapal," pahayag ni Gng. Remedios.

Ayon naman kay Engr. Eva Casao, isa sa anim na anak, ipinagmamalaki niya na sila ay pinalaki sa pagmamahal at may takot sa Diyos. Hindi aniya sabay sabay silang nakapagkolehiyo dahilan sila ay nagbigayan upang pagkatapos ng isa, ang kasunod namang kapatid ang magpapatuloy ng pag-aaral hanggang lahat sila ay makagraduate.

Ang pamilya Casao ang kakatawan sa lungsod ng Batangas para sa huwarang pamilya sa buong probinsya ng Batangas.

Kasama din sa napiling natatanging pamilya ng taon ay ang pamilya nina Efren at Demetria Andal ng Tinga Labac; Juan at Martina Escal ng Barangay 4; Engr. Eusebio at Dr. Nora Magnaye ng Kumintang Ibaba at Pedro at Juliana Ramirez ng Talumpok Kanluran.

Ang basehan ng pagpili ng Huwarang Pamilyang Batangueno ay ang mga sumusunod: Ang mag-asawa ay nagpapakita ng pagmamahalan at paggalang sa isa't-isa -25 %; Ang magulang ay nagpapakita ng kanilang pagmamahal at paggalang sa mga anak- 20%; Ang mga anak ay may pagmamahal at paggalang sa mga magulang- 20 %; Ang mga anak ay may pagmamahal at paggalang sa bawat isa- 15%; at Isang pamilyang nakikilahok sa mga gawaing pangkomunidad- 20% o kabuuang 100%.

Samantala ang pamantayan ay ang mga sumusunod: May 25 taon o higit pa na nagsasama-sama, may tatlong anak o higit pa na naninirahan sa Pilipinas ng kalahating panahon ng kanilang pagsasama bilang isang mag-anak, at nasa Pilipinas sa loob ng limang taon habang isinasagawa ang pagpili sa Huwarang Pamilyang Pilipino; ang paraan ng paghahanap-buhay ay hindi galing sa illegal na pamamaraan tulad ng sugal, prostitusyon at iba pa; at ang miyembro ng pamilya ay walang kaso at hindi nasasangkot sa kasong administratibo, kriminal o sibil.

Sa taong ito ang tema ay "Nagkakaisang Henerasyon: Matatag na Pamilya, Matatag na Lipunan". Pinamahalaan ng City Social Welfare and Development Office ang naturang patimpalak.

(Monina B. Fernandez)

G. at Gng Dominador Casao at Pamilya kasama sina Mrs. Mila Española at Punong Barangay Leandro Ilagan ng Tulo

Si Mrs. Mila Española, CSWDO Chief, habang ipinapaliwanag ang panuntunan ng patimpalak.

(ELA..mula sa p.1)

Sa larangan ng economic governance, mas palalakasin pa ang opisina ng Public Service and Employment Office (PESO) para sa mga nangangailangan ng trabaho; pagtutukoy ng mga barangay na posibleng maging tourism attraction at ang completion ng Batangas City Integrated Transport Terminal.

Sa larangan ng environmental governance, isasagawa ang diversified program for Calumpang River Rehabilitation, pagtatayo ng Green Parks at ang pagsasagawa ng Climate Change mitigation and adaptation.

Ang naturang ELA ay naaprubahan sa mosyon ni City Legal Officer Teodulfo A. Deguito na pinangalawahan at sinangayunan ng lahat. Kaugnay nito ay inadopt ng City Development Council ang naturang ELA para maging opisyal na guide ng dalawang sangay ng gobyerno sa susunod na tatlong taon.

(Letty Chua)

Other Nominees

1. Teodorico Bagui & Family, *Soro-soro Ilaya*
2. Pablo Bobadilla & Family, *Pinamucan Silangan*
3. Jacinto Closa & Family, *Barangay 2*
4. Marianito Perez & Family, *Sta. Rita Karsada*
5. Abelardo Perez & Family, *Mahacot East*
6. Prudencio Tarcelo & Family, *Tabangao Ambulong*

Araw ng Paglulunsad, Pagkilala at Pagpaparangal

Ika-30 ng Agosto 2013 Batangas City Convention Center

Mayor Eddie is still the man of the hour

Mayor Eddie exchanges pleasantries with guests, Ms. Sonia Mendoza (Mother Earth Foundation) and Ms. Minda L. Limbo (Komisyon ng Wikang Filipino)

Mr. Phillip Baroja and Letty Chua announce the Performing barangays with Brgy. 5 topping the list as 2013 Most Liveable Community. Barangay Chairman Ted Solis receives the cash prize of P50,000.00 and trophy from Mayor Eddie, Former Mayor Vilma and members of the Technical Working Committee.

Top Performing Barangays receive P25,000 cash and trophy each

The audience is entertained by X4 Zandoe, a quartet consisting of City Employees

Barangay Paharang West

Barangay Sta. Rita Aplaya

Mr. Oliver Gonzalez announces the start and criteria of Search for the Most Innovative Environmental School Projects as follows:

Environmental Impact-60%
Uniqueness- 15%
Creativity-15%
Documentation-10%
TOTAL - 100%

Time Frame:
September, 2013 to March, 2014

Open to all Public & Private Schools of Batangas City

Diksyunaryong Batangueno Book Signing by Mayor Eddie, Former Mayor Vilma and editors

Barangay Maruclap

Barangay Talumpok Kanluran

Barangay Ilijan

Congressman Ranie Abu, in high spirits, delivers an inspirational talk

Mrs. Mendoza receives a book from Mr. Phillip Baroja, Executive Editor

Dr. Amelita Madrid and Ms. Marcela Cusi, editors of Diksyunaryong Batangueno receive plaque of appreciation from Former Mayor Vilma

Board Member Marvey Marino delivers a congratulatory message

Barangay Talumpok Silangan

Barangay Tinga Itaas

Pagrerebisa ng Citizen's Charter Pinaghahandaan ng Batangas City

NAKAPALOOB sa Citizen's Charter (CC) na mandato ng RA 9485 (Anti-Red Tape Act of 2007) ang karapatan ng bawat mamamayan na mapagsilbihan ng mga naglilingkod sa pamahalaan. Ito ang nagsisilbing giya para maging mas mabilis at mahusay ang serbisyo publiko. Ito ang binigyang diin ni Mr. Jed Tabamo, City Program Adviser, USAID sa idinaos na Reorientation on RA 9485 and Frontline Services Validation Workshop kamakailan sa Teachers Conference Center.

Ani Tabamo, napapanahon ang pagsasagawa ng reoryentasyon sa naturang batas at ang pagsasaayos ng CC dahilan may mga pagbabago na sa pagkuha ng business permits at ng mga proseso sa iba't ibang opisina ng pamahalaang lungsod ng Batangas.

Magugunita na ang 22 hakbang para ito ay makuha ay naging dalawang hakbang na lamang. Bunsod ito nang technical assistance ng USAID sa itinayong Business One –Stop-Shop (BOSS) ng pamahalaang lokal.

Idinagdag pa ni Tabamo na nakadetalye sa CC kung ilang minuto o ilang oras maihahandog ang mga serbisyo publiko tulad ng pagkuha ng mga dokumentong sibil, legal at iba pang katulad nito. Kung sakali aniya na hindi agad maibigay ng "frontliner" ang serbisyo, ang mamamayan ay maaaring magdulog ng reklamo hinggil dito at maaaring masuspinde ang empleyado.

Nakatalagang monitoring agency ang Civil Service Commission kung tumatalima ang mga ahensya ng pamahalaan sa mandato ng RA 9485.

Tumayong resource speaker si Dir. Maria Teresa Poblador ng Civil Service Commission IV-A. Tinalakay niya ang ARTA Report Card Survey upang malaman kung ang mga munisipsyo ay nakakatupad sa kanilang Citizens Charter. Tinalakay din ang ARTA Watch na spot check upang malaman kung ipinatutupad ang "No Noon Break" , gayundin ang mga signages katulad ng "No Smoking," " No Fixers Allowed," "Ang Sumbungan ng Bayan," at ang pagkakaroon ng suggestion box at priority lane para sa mga persons with disability, senior citizens at nagdadalantao.

"Malaking bagay na mai-update ang Citizens Charter ng lungsod upang mag level up ang bawat tanggapan ng City Government para sa mas mabilis at maayos na serbisyo sa mga mamamayan," pahayag ni Poblador.

Tinalakay rin ni Tabamo ang roadmap para sa pagsasaayos ng CC. Kabilang dito ang validation visits sa iba't ibang opisina, pagrerebisa at pagpipinal ng mga hakbang ng bawat frontline offices, pageendorso sa Sangguniang Panglunsod at ang paglilimbag ng bagong CC sa Disyembre, 2013.

May 158 piling frontliners mula sa 29 na opisina ng pamahalaang lokal ang dumalo sa naturang gawain. ***(Monina B. Fernandez)***

Batangas City Information Coordinators

Local Economic and Investment Promotions Center
Dixon Atienza
Twinkle T. Macalinao
Angelique May D. Tan
Marizel Hidalgo Melo
Business Permits & Licensing Office
Vencedor B. Dijan
City Disaster Risk Reduction & Management Office
Francine M. Eje
City Environment & Natural Resources Office
Julie Ann Kay A. Aguba
Charmaine L. de Guzman
Office of the City Veterinary and Agricultural Services
Susana V. Lascievas
Jessica D. Rivera
Bernardo B. Mendoza
City Civil Registrar Office
Librada de leon Clarin,
Geronimo R. Lardizabal, Jr.
City Health Office
Vicky M. Atienza
Corazon Mercado
City Engineer's Office
Emelita C. Untalan
Dwight Virgilio Arellano
Accounting
Emelita B. Austria
City Council for Youth Affairs
Angelica V. Gonzales
DSS /TDRO
Ronna Patricia L. Matienzo
City Planning and Development Office
Maria Cecilia Saldonido
City Market Administrator
Amelia P. Reyes
Ma. Victoria Dimaano
Joel Arvin de los Reyes

Instant Protest ni Tolentino vs. Dimacuha Nadismiss ng COMELEC En Banc

DINIS-MISS ng First Division ng COMELEC En Banc, Manila kamakailan ang "instant protest" na isinampa ni dating Bise Alkalde Jose Virgilio Tolentino (Protestant) laban kay Mayor-Elect Eduardo B. Dimacuha (Protestee).

Si Tolentino ay kumandidatong Mayor at naging katunggali ni Dimacuha noong May 13, 2013 mid-term election. Nagwagi ng 91,157 votes si Dimacuha samantalang si Tolentino ay nakakuha ng botong 36,913.

Nakasaad sa COMELEC Order na may petsang ika-14 ng Agosto, 2013, ang pagbasura sa kaso ay dahil sa hindi nakadalo ang "protestant" at wala rin itong naisumite na Preliminary Conference Brief (PCB). Ito ay sa gitna na may naipadalang notisya ng petsa ng pagdinig at nai-serve ang COMELEC noong ika-17 ng Hulyo, 2013.

Ang desisyon ay batay sa Section 5-6, Rule 13 ng COMELEC Resolution No. 8804 as amended na nagsasaad na ang failure to file PCB at failure to appear ay ilang legal na basehan, kung bakit ang kaso ay maaaring idismiss. ***(Letty Chua)***

City Conducts Crash Course on News writing for Info Coordinators

THE Batangas City Government conducted a Crash Course on News Writing for 27 city employees on September 27-28 at the OCVAS Training Center. It was initially intended for the Local Economic and Investment Promotion Center (LEIPC) upon the request of Mr. Jed Tabamo, City Program Adviser, USAID to promote the City Development Initiatives (CDI) and partnership of the City with USAID.

However, Ms. Letty Chua, Chief of the Public Information Office (PIO) deemed it wise to include talented employees from each city department in preparation for the new city website where updates are expected to be generated on a regular basis. This workshop aims to hone the talents of the employees in writing articles on the different services of their offices for dissemination to the public.

Mr. Mighty Rasing, a multi-media expert, discussed the 5 Ws – Who, What, Where, When, and Why including the how; the inverted pyramid; and how to utilize the social media. The lecture was interactive where the employees participated in the seminar-workshop.

(Cecille B. Saldonido)

Metro Batangas Iminungkahi

Atty. Victor Reginald Dimacuha listens to a UP Diliman Faculty who shares the idea for Batangas City to undertake inter-local cooperation with adjacent municipalities.

ISANG grupo ng mga doctoral students mula sa University of the Philippines Diliman ang bumisita sa Batangas City noong ika-5 ng Setyembre upang imungkahi ang ideya ng Metropolitan Batangas.

Ito ay bubuuin ng adjacent Local Government Units (LGUs) ng Batangas City, San Pascual at Bauan upang magkaroon ng "inter-local cooperation" sa mga problema na "common" sa bawat isa.

Layunin ng study visit na ito na malaman ang lawak at epekto ng urbanization sa lungsod at ang pag buo ng epektibong mekanismo para sa ugnayan at kooperasyong ito ng mga nasabing LGUs. Layunin din ng pag-aaral na ito na makapagbigay ng kontribusyon sa pagpapalago ng "local governance and development."

Ayon sa grupo, bumisita rin sila sa San Pascual at Bauan at nakausap nila ang ilang mga opisyales dito na nagpahayag na bukas sila sa pagbuo ng Metro Batangas.

Ayon sa Chief of Staff ng Office of the Mayor na si Atty. Reginald Dimacuha (RD), bagamat bago ang konseptong ito ng Metro Batangas, matagal na itong nasa "consciousness" ng lokal na pamahalaan.

Sa cultural aspect aniya, ay nakikita ang pakikipag ugnayang ito sa Sublian Festival ng lungsod kung saan may mga kalahok sa iba't ibang kumpetisyon mula sa karatig bayan.

Bukod sa traffic, sinabi rin ni Atty. RD na pwede ring magkaroon ng ugnayan sa area ng infrastructure partikular sa pagpapalawak ng mga kalsada kagaya ng konstruskyon ng diversion road papuntang San Pascual, Bauan at Mabini. Pinag-aaralan din aniya ang pagbuo ng dalawang major economic zones sa San Pascual, Bauan, Taysan at Lobo.

Nakatakdang bumalik ang mga estudyante sa Batangas City para ipresenta ang resulta ng kanilang pag-aaral.
(Angela J. Banuelos)

200 Guro Focal Persons sa Kalamidad

MAY 200 guro mula sa public elementary at secondary schools ang sumailalim sa Division Disaster Risk Reduction Management and Training sa Bolbok Elementary School noong ika-16-17 ng Setyembre upang mapalakas ang kahandaan ng mga paaralan sa anumang kalamidad at mapangalagaan ang kanilang kaligtasan.

Ang mga gurong ito at ang kanilang mga assistants ang magsisilbing focal persons kung may kalamidad. Layunin din ng nasabing training na makabuo ng contingency plan para sa iba't ibang kalamidad katulad ng tsunami, landslide, pagbaha, bagyo at lindol.

Ayon kay Rod Dela Roca, hepe ng City Disaster Risk Reduction Management Office, ang gawaing ito ay alinsunod sa Republic Act 10121 kung saan kailangang maging bahagi ng education system ang programa pagdating sa disaster risk reduction.

Ayon naman kay Generiego Q. Javier, Education Program Supervisor I, malaking tulong ang nasabing training sapagkat nagbibigay ito ng kaalaman kung ano ang dapat gawin kung may kalamidad at ano ang gagawing paghahanda bago ito dumating.
(Monina Beredo-Fernandez)

Monitoring sa Chikungunya Lalo pang Pinaigting

PATULOY ang kampanya ng City Health Office (CHO) ng pamahalaang lungsod na maipaabot sa publiko ang kahalagahan ng paglilinis ng kapaligiran upang maiwasan ang sakit na Chikungunya at ang monitoring sa mga barangay na posibleng maapektuhan nito.

Ayon kay Ms. Aileen F. Cantos, Surveillance Officer ng City Epidemiological Surveillance Unit (CESU), simula pa ng Hunyo, 2013 naging mas aktibo ang kanilang monitoring dahilan sa pagsisimula ng tag-ulan kung saan dumarami ang lamok na mamumugad sa mga stagnant waters.

Bukod sa community assemblies sila ay nangongolekta rin ng serum specimen sa mga suspected cases ng Chikungunya na kanila namang ipinadadala sa Research Institute for Tropical Medicine (RITM) para makumpirma kung positibo sa naturang sakit ang pasyente.

Ang Chikungunya disease ay isang sakit na naikakalat ng mga lamok at hindi ito naililipat sa pamamagitan ng tao. Naisasalin sa tao ang virus na ito sa pamamagitan ng kagat ng babaeng Aedes Aegypti at Aedes Albopictus na nagdadala rin ng virus ng Dengue.

Ilan sa sintomas nito ay ang biglaang pagkakaroon ng lagnat, pananakit ng kasu-kasuan, pananakit ng kalamnan, pananakit ng ulo, pagkahilo, pagkaramdam ng sobrang pagod at pagkakaroon ng mga rashes sa katawan. Ang mga ito ay maaaring lumabas at mapuna mula ika-4 hanggang ika-8 araw at maaaring tumagal ng 2 hanggang 12 araw.
(Jerson J. Sanchez)

16 na Pares sa Libreng Kasalan

BILANG pagdiriwang ng Buwan ng Pamilyang Pilipino 2013, nagsagawa ng libreng maramihang pagpapakasal ang City Social Welfare and Development Office(CSWDO) katuwang ang Civil Registrar's Office sa Teachers Conference Center noong ika-27 ng Setyembre.

May 16 na pareha ang ikinasal ni Mayor Eduardo Dimacuha buhat sa mga beneficiaries ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program sa Batangas City.

Ang City Civil Registrar's Office ang nag-asikaso ng lahat ng mga kailangang dokumento at iba pang requirements sa pagpapakasal.

Ang mga ikinasal ay sumailalim sa marriage counseling, responsible parenthood seminar, parent effectiveness seminar at family development session.
(Ronna Endaya Contreras)

A joyful bride, all dressed in white, receives a congratulatory handshake from Mayor Eddie

PHOTO GALLERY

44th City Day Fondation Highlights

Theme: Batangenyong Sama-sama, Tagumpay Kayang-Kaya!

Sublian Competition on its 26th Year

Bb. Isabelle Ilao Villena, Ms. Foundation Day 2013 and Family with Mayor Eddie and wife Former Mayor Vilma

GMA Kapuso Float featuring My Husband's Lover cast, wows the crowd

Mayor Eddie and wife Former Mayor Vilma greets the crowd

Kapuso Night with City Officials

Jesus of Nazareth, 1st Place, Sublian Float Competition

Johanna's Grill, 1st place, Pasiklaban ng Kalderetang Batangas